

TAONG 2017

GUIDELINES SA PAG-AAPLY NG SCHOLARSHIP SA MIE PARA PANGTUSTOS SA GASTUSING PANG- MEDIKAL NG MGA DAYUHANG MAG-AARAL NA NAIS KUMUHA NG KURSONG MAY KAUGNAYAN SA NURSING

(Mieken Shihi Iryou · Kangokei Gaikokujin Gakusei Shogakukin Guidelines)

Ang Prepektura ng Mie ay nagbibigay ng scholarship sa mga mahuhusay na dayuhang mag-aaral na mayroong mataas na marka at nag-aaral sa unibersidad o nursing school ng Mie para maging isang doctor, nurse o assistant nurse at naghahangad na mapaunlad ang yamang pangtao para mapabuti ang internasyonalismo sa prepekturang ito.

Ayon sa “Mie Prefecture Showa-era College Honor Human Resource Development Fund Regulations,”(※) ang prepektura ng Mie ay nagbibigay ng scholarship sa mga dayuhang nagnanais maging doktor, nurse o assistant nurse at naglalayong pagyamanin ang medical at nursing service sa banyagang salita at paunlarin ang yamang pangtao sa larangan ng medisina.

※ Ang ordinansang ito ay pinagtibay simula taong 2000 para maipamahagi ang pag-aambag sa internasyonalismo ng prepektura at palawakin ang propesyong ito sa buong mundo.



MIE PREFECTURAL GOVERNMENT



MIE INTERNATIONAL EXCHANGE FOUNDATION

[Halaga na maaring matanggap sa scholarship at iba pa]

Halaga ng benepisyo na makukuha	<p><u>Dayuhan Estudyante na naghahangad maging Nurse o Associate Nurse</u> Annual tuition fee ng mga unibersidad sa Mie (Medicine or Nursing Department), School of Nursing, Senior High School for Health and Nursing, School for Practical Nursing kasama na ang (Admission Fee※1 • Plus training fee) Equivalent fee (※2) . ¥600,000 ang pinakamataas na halaga na maaring matanggap. Kung sakaling nakatanggap ng exception sa pagbabayad ng tuition fees, ibabase ang halagang matatanggap sa exception fee na natanggap</p> <p><u>Dayuhang Estudyante na naghahangad maging Doctor</u> Naka-enroll sa unibersidad para sa Medesina, annual tuition fee, at iba pa (Admission Fee※1, plus training fee) Equivalent fee (※2) . ¥600,000.00 ang pinakamataas na halaga na maaring matanggap. Kung sakaling nakatanggap ng exception sa pagbabayad ng tuition fees, ibabase ang halagang matatanggap sa exception fee na natanggap.</p>
Hanggang kailan ang benepisyo	Maaaring makatanggap ng benepisyo mula sa pinakamaikiling termino hanggang sa makapagtapos ang pag-aaral. Kung sakaling lalagpas sa itinalagang panahon at magpapatuloy, kailangan itapat ang pag-aaply ng issuance ayon fiscal year na sinusunod ng Mie. Ang pinakamahabang panahon na maaring makatanggap ng benepisyo ay 72 buwan.
Paraan ng pagkuha ng benepisyo	Kapag naipasa na ang resibong para sa nabayaranang matrikula at napagdesisyunan na ang halaga na maaaring matanggap ng scholar, ipadadala sa bangko ng aplikante ang halaga na magsisimula sa buwan ng Abril, 2017.
Ilan ang maaring makatanggap ng benepisyo	Hanggang tatlong tao

※1 Kung ang aplikasyon sa scholarship ay sakop sa taon ng unang pagpasok sa paaralan, maaari ding i-apply ang admission fee para sa scholarship. Subalit ang halaga ng admission fee ay kasama sa benepisyong matatanggap.

(Halimbawa : Kung nakapasok ng taong 2016 at nag-apply ng scholarship sa taong 2017, hindi na maaring pang tanggapin ang aplikasyon para sa scholarship ng admission fee.)

※2 Ang halaga nang matrikulang matatanggap mula Abril 1 hanggang Marso 31 ay base sa halagang itinalaga ng Prepektura ng Mie para sa buong fiscal year.

[Mga kakailanganin sa pag-apply]

Para sa mga mag-aaply ng scholarship, kailangang matugunan ang lahat nang nakasaad sa ibaba.

1. Ito ay para sa mga taong nauunawaan ang mithiin ng scholarship na ito at may hangarin na mag-ambag sa pag-unlad pinapasukang unibersidad o kaya ay maging kapaki-pakinabang sa prepektura pagkatapos maka-graduate sa unibersidad.
2. Hangaring mag-aral sa unibersidad o nursing school ng Mie para maging isang doctor, nurse o assistant nurse sa taong 2017 ng Abril 1.
 - ① Ang sumusunod na kondisyon ay para sa mga dayuhan.
 - a. Ayon sa Batas ng Immigration Article 2, napagkalooban ng resident status na (Permanent Resident), (Asawa ng Japanese national), (Asawa ng Permanent Resident Holder) at (Long-term resident) at naninirahan sa Mie ng mahigit 1 taon.
 - b. Anak ng nakasaad sa 「a」 kung saan, ayon sa Article 2 ng Batas ng Imigrasyon, napagkalooban ng resident status na (Permanent Resident), (Asawa ng Japanese national), (Asawa ng Permanent Resident Holder) at (Long-term resident).
 - c. Ayon sa Peace Treaty ng Japan, nawalan ng Japanese nationality at pinagkalooban ng Imigrasyon ng (Special Permanent Resident) at naninirahan sa Mie ng mahigit 1 taon.
 - d. Anak ng nakasaad sa 「c」 kung saan ayon sa Article 2, pinagkalooban ng Batas ng Imigrasyon ng residence status na (Permanent Resident), (Asawa ng Japanese national), (Asawa ng Permanent Resident Holder) at (Long-term resident) o ayon sa Peace Treaty ng Japan, nawalan ng Japanese nationality at pinagkalooban ng Batas ng Imigrasyon “Special Permanent Resident”.
 - ② Nakarehistro ang tirahan sa siyudad na sakop ng Mie.
3. May mabuting pag-uugali at magandang record sa paaralan.
4. Hindi lalagpas sa edad na 40 anyos pagdating ng Abril 1, 2017
5. Naka-enroll sa regular curriculum bilang estudyante ng mga institusyon sa Mie para maging doctor o nurse at nagnanais magkaroon ng lisensya bilang isang doctor, nurse o assistant nurse.
6. Bukod sa Nihongo, mahusay din magsalita ng mga sumusunod na wika. Portuges, Espanol, Intsik, Filipino, Indonesia, Thai, Ingles, Koreano at Vietnamese
7. May intensyong magtrabaho sa mga medical institution ng Mie pagka-graduate katumbas sa haba ng taon na tumanggap ng scholarship at may karagdagan 1 taon.

8. Simula ng Abril 1, 2017, maaaring mag-apply ang mga (*) hindi tumatanggap ng scholarship grant mula sa anumang institusyon o scholarship ng unibersidad. O kaya’y hindi tumatanggap ng full tuition waiver para sa tuition fee. Subalit maaaring mag-apply ang mga kumukuha ng student loan.
(*) At ang mga tumatanggap ng exception waiver para sa tuition fee dahil sa husay at mataas na marka ay maaari ding mag-apply.
9. Hindi na maaari pang mag-apply ang mga nakapag-apply na dati ng scholarship.
10. Hindi ito dispatch agency ng mga kompanya o government offices.

[Paraan ng Pag-apply]


Sagutan ang lahat gamit ang itim na ballpen o pen (hindi tatanggapin ang nakasulat sa lapis).

Mag-pasa ng tig-isang kopya para sa mga dokumento sa nakasulat sa ibaba.

Mga dokumentong kailangan:

- ① Application form para sa Mieken Shihi Iryou • Kangoukei Gaikokujin Gakusei Gakusei Shogakukin (scholarship form 1)
- ② Resume (Form 2)
- ③ Enrollment Certificate or Certificate of Acceptance galing sa unibersidad na papasukan.
- ④ Recommendation letter galing sa principal head ng unibersidad (Kung bagong pasok sa eskwelahan, kailangan ang recommendation ng principal mula sa pinanggalingan na eskwelahan)
- ⑤ Transcript of Record galing sa unibersidad na pinasukan o Highschool Report Card (ang nakuhang units o assessment record na nakasulat sa numero o letra. Record o units para sa 1 taon o higit pa.)
- ⑥ Kopya ng Residence Card
- ⑦ Essay na nakasulat sa Nihongo (Form 3-1, 3-2)
(Paalala①) maliban sa mga nasabing dokumento, may hihilingin pang ibang dokumento kung kakailangan.
(Paalala②) Hindi na ibabalik ang mga ipinasang dokumento.

[Proseso simula aplikasyon hanggang sa resulta]



* Sa tanggapan ng MIEF inaasikaso ang proseso ng scholarship simula aplikasyon hanggang sa matanggap ang resulta nito at ang desisyon kung sino ang makakatanggap at ang pagbibigay ng scholarship grant ay sumasailalim sa tanggapan ng Prepektura ng Mie.

[Saan maaring ipasa ang mga dokumento]

Pagpapasa para sa scholarship hanggang Marso 31, 2017:

Mie International Exchange Foundation

Address: Mie Ken Tsu Shi Haodokorocho 700 UST-Tsu Bldg 3F Postal Number 514-0009

Kapag lumagpas sa April 1, 2017, kailangang makipag-ugnayan sa Mie Prefectural Government Multicultural Affairs Division

[Panahon ng pagpasa ng Aplikasyon]

Marso 6, 2017 (Lunes) ~ Abril 21, 2017 (Biyernes). (Maaring itong ihulog sa post-office siguraduhing dumating sa tanggapan hanggang Abril 21 ng alas 5:00 ng hapon)

[Mga remarks sa pagpili]

- (1) Screening ng dokumento
Ang resulta sa screening ay ipapadala mga unang linggo ng Hunyo sa lahat ng aplikante at maging sa pinapasukang unibersidad.
- (2) Screening interview (magkakaroon din ng test para banyagang wika)
Para sa mga nakapasa sa screening ng dokumento, gaganapin ang interview screening sa Hulyo 9,2017(Linggo). Para sa mga detalye, kasamang ipapadala sa notice ang resulta ng screening ng dokumento.
※ Sa interview, magkakaroon ng test para malaman ang antas ng kaalaman sa wikang banyaga.
※Kung hindi dumating sa takdang araw ng interview, mababalewala ang aplikasyon anuman ang maging rason.
- (3) Final result
Ang final result ay ipapadala sa aplikante at sa pinapasukang unibersidad sa unang linggo ng Agosto mula sa tanggapan ng Mie Prefectural Government Multicultural Affairs Division.

[Mga obligasyon nakapaloob sa scholarship]

- (1) Bilang scholar, hihilingin na magtrabaho sa mga medikal institusyon ng Mie (hospital o medical clinic) katumbas ng taon nang pagiging beneficiary at karagdagang 1 taon.
(Halimbawa: kung 3 taon ang panahon na tumanggap ng scholarship, 4 na taon na kailangang magtrabaho)
- (2) Kapag nakakuha ng lisensya bilang doktor, nurse o associate nurse at magtatrabaho na sa medical institution ng Mie, ipagbigay alam sa Mie Multicultural Affairs Division ang pangalan ng hospital na papasukan.
- (3) Ipagbigay alam kaagad sa tanggapan ng Mie Muticultural Affairs Division ang mga bagay tungkol sa pagiging dropout o suspendido sa paaralan, paglipat sa ibang paaralan, hindi pagpasok at pagliban ng mahabang panahon sa paaralan, pag-aaral sa ibang bansa habang naka-enrol dito at pagpapabago sa visa status o alinmang pagbabago tungkol sa nakarehistrong pangalan at tirahan.
- (4) Palagiang pagre-report tungkol sa estado ng pag-aaral.

[Mga aktibidad bilang scholar ng “Mieken Shihi Iryou Kangokei Gaikokujin Gakusei Shogakukin”]

- (1) Bilang kontribusyon sa pamahalaan ng Mie, hinihiling na tumulong sa pag-update ng impormasyon at magpalista sa Mieken Shihi Iryou Kangokei Gaikokujin Shogakukin Student List.
- (2) Hinihiling na dumalo 2 o 3 beses sa isang taon sa mga proyektong inilulunsad ng Prepektura ng Mie.
- (3) Maaari ding hilingin ang tulong bilang translator o interpreter sa ilang mga aktibidad.

[Suspensyon o pagbalik ng natanggap na halaga para sa scholarship]

Maaaring mahinto o hilingin na ibalik ang ilang bahagi o lahat ng natanggap na halaga para sa nasabing scholarship kung sakaling nawala ang mga required qualification habang inaasikaso ang aplikasyon, kung ang mga ipinasang dokumento ay huwad o palsipikado, kung nakatanggap ng disciplinary measures sa pinapasukang unibersidad, kung pansamantalang lumiban sa unibersidad o mahabang pagliban sa paaralan, kung nakikitaan na hindi na magpapatuloy sa pag-aaral o nakikitaan na hindi makaka-graduate sa unibersidad.

Mie Multicultural Affairs Division Department of Environmental and Social Affairs	Mie International Exchange Foundation
TEL 059-222-5974 FAX 059-222-5984 HP: http://www.pref.mie.lg.jp/TABUNKA/HP/ E-mail: tabunka@pref.mie.jp	TEL 059-223-5006 FAX 059-223-5007 HP : http://www.mief.or.jp E-mail: mief@mief.or.jp
Address: Mie Ken Tsu Shi Hadoroko Cho 700, UST Bldg., 3 rd Fl. Postal Number 514-0009	

*Para sa mga aplikasyon na lumagpas sa April 1,2017, makipag-ugnayan sa Mie Prefectural Government Multicultural Affairs Division.